

Pag-unawa sa Batas na Lanterman-Petris-Short (LPS)

Lat. #5608.08

PANIMULA

Bago ang 1967, ibang-iba ang itsura ng sistema ng kalusugan ng isip sa California kaysa ngayon. Maraming pang mga indibidwal na may kapansanan sa kalusugan ng isip ang nakatira sa mga ospital ng estado at malalaking pasilidad, madalas nang mahahabang mga panahon ng kanilang buhay. Pagkatapos, naipasa ng California ang Batas na Lanterman-Petris-Short [Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon (Welfare and Institutions Code) mga Seksyon 5000 et seq.] Ipinangalan sa mga may-akda nito, ang miyembro ng Batasang Pang-estado na si Frank Lanterman at mga senador ng Estado ng California na sina Nicholas C. Petris at Alan Short, hinangad ng Batas na LPS na “wakasan ang hindi angkop, walang katiyakan, at hindi kusang pagpapasok ng mga taong may mga sakit sa kalusugan ng isip.” Itinatag din nito ang karapat sa agarang pagsusuri at paggamot sa sakit sa isip sa ilang mga sitwasyon, at nagtakda ng mahigpit na mga proteksyon sa angkop na pamamaraan para sa mga kliyente ng kalusugan ng isip.

Binabalangkas ng lathalang ito ang mga pangunahing kaalaman ng Batas na LPS para sa mga kliyente ng kalusugan ng isip. Nilalarawan ng **Kabanata 1** ang mga panandaliang pagpapanatili: ang mga “5150”, 72-oras na pagpapanatili para sa pagsusuri at pagtatasa; at mga “5250”, 14-araw na pagpapanatili para sa masinsinang paggamot. Nilalarawan ng **Kabanata 2** ang proseso ng itinalagang pamamahala (conservatorship) sa LPS, na namamahala ng paggamot at pagtatalaga ng mga indibidwal na napag-alaman na “may malubhang kapansanan” at nangangailangan ng mas mahabang panahon na tulong sa pamamagitan ng isang ikatlong-

partido na taga-pasya. Binabalangkas ng **Kabanata 3** ang mga karapatan at proteksyon na ibinibigay sa mga kliyente ng kalusugan ng isip na nasa pagpapanatili ng LPS at kung paano ipinapatupad ang mga ito.

Maaaring kumplikado ang mga kautusan at tuntunin ng LPS. Ang lathalang ito ay isang panimulang aklat lamang sa batas. Dahil sangkot ang mahahalagang interes ng kalayaan, ang mga kliyente ay may karapatan sa mga serbisyo ng tagataguyod ng mga karapatan ng pasyente at, sa ilang mga kaso, sa isang itinalagang abogado. Kung ikaw o iyong mahal sa buhay ay may mga katanungan tungkol sa LPS, o nangangailangan ng tulong, mahalagang makipag-ugnayan sa isang kwalipikadong abogado o tagataguyod.

Nais ka naming pakinggan! Mangyaring sagutan ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga lathala at ipaalam sa amin kung kamusta kami.

[\[Sagutan ang Survey\]](#)

Para sa legal na tulong tumawag sa 800-776-5746 o kumpletuhin ang [pormularyo ng kahilingan para sa tulong](#). Para sa iba pang mga pakay, tumawag sa 916-504-5800 (Hilagang CA); 213-213-8000 (Timog CA).

Ang Disability Rights California ay pinondohan ng iba-ibang mapagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.